

技能実習生の友

Kaibigan ng mga teknikal intern trainees

Isyu ng Abril 2023

Mga Paksa

Alamin natin ang kalooban ng mga Hapon sa pamamagitan ng Man-ga "Sundin Natin ang Mga Batas sa Trapiko para sa mga Bisikleta"

◇Kapag ang teknikal intern trainee ay nabuntis....?

◇Panahon ng tag-ulan "Tsuyu" ~ Paano gumugol ng oras at mga puntong dapat tandaan ~ Kokugo no Mori "Maiikling Salita"

ALAMIN NATIN ANG KALOOBAN NG MGA HAPON SA PAMAMAGITAN NG MAN-GA

— Sundin Natin ang Mga Batas sa Trapiko para sa mga Bisikleta —



• Ang tamang sagot ay...Lahat ng ito ay maling paraan ng pagsakay ng bisikleta!

- 1 Mapanganib ang magbisikleta habang may kausap sa cellphone.
- 2 Ang mga siklista ay dapat manatili sa kaliwa.
- 3 Ang pagbibisikleta ng may payong ay lubhang mapanganib dahil hindi makikita ang harapan.
- 4 Huwag mag-bisikleta na may sakay sa likod.
- 5 Ang pagbibisikleta ng magkahilera habang nakikipagkwentuhan ay makakahadlang sa ibang trapiko.

Sa tingin namin, marami sa mga teknikal intern trainee ang gumagamit ng bisikleta. Para sa iyong sariling kaligtasan at upang maiwasang masaktan ang mga naglalakad at iba pa, mangyaring sundin ang mga tuntunin sa trapiko para sa mga bisikleta.

Ang JITCO Teaching Materials Online Shop ay nagbebenta ng DVD na pinamagatang "Ang Pag-aaral ng Kaligtasan sa Trapiko sa Japan sa pamamagitan ng Q&A - Mga Panuntunan para sa Paglalakad at Pagbibisikleta". Ang mga video na may bayad ay ipinamamahagi din sa bagong inilunsad na "JITCO Electronic Teaching Materials Distribution Site".

Ang "Kaibigan ng mga Teknikal Intern Trainees" na nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon para sa paninirahan sa Japan, Japanese language teaching materials, four-panel comics, atbp. ay inilalathala sa 9 na wika (Vietnamese, Chinese, Filipino, Indonesian, Thai, Cambodian, Myanmar, Mongolian at English) kabilang ang Japanese na may furigana para sa mga teknikal intern trainees at trainees. Gamitin po natin ito !



Kapag ang teknikal intern trainee ay nabuntis……?

Ayon sa mga dokumento na inilabas ng Organisasyon para sa Technical Intern Training (OTIT) noong Disyembre 2022, sa panahon ng mga panayam sa mga teknikal intern trainee, humigit -kumulang sa 60% ang sumagot na alam nila na ipinagbabawal ang pagtrato ng mali dahilan sa pagbubuntis at panganganak. Sa kabilang banda, 4 sa 1 na technical intern trainees ang sumagot na sinabihan sila ng nagpapadalang organisasyon na, "Kapag nabuntis ka, hindi mo na maipagpapatuloy ang training." Sa Japan, ipinagbabawal ng batas na pilitin ang mga manggagawa (kabilang na ang mga teknikal intern trainee) na huminto sa kanilang trabaho dahil sila ay buntis.

Narito ang isang pangkalahatang-idea ng kung ano ang gagawin ng mga teknikal intern trainee kapag nalaman nila na sila ay buntis.

Q Ano ang gagawin kapag nabuntis?

- Magpatingin sa isang obstetrician-gynecologist.
- Kumonsulta sa isang tao mula sa iyong kumpanya o nangangasiwang organisasyon.
- Ipaalam sa tanggapan ng munisipyo ang iyong pagbubuntis.



Q Ano ang mangyayari sa technical training?

- Ang mga nangangasiwang organisasyon at kumpanyang nagpapatupad ng pagsasanay ay hindi maaaring tapusin ang training at tanggalin ang mga teknikal intern trainee sa kadahilanang sila ay nabuntis.
- Kung nais mo, maaari kang magpahinga sa trabaho hanggang 6 na linggo bago ang takdang petsa ng panganganak. Gayundin, dito sa Japan, pangkaraniwan na hindi pinapayagang mag-trabaho ng 8 linggo mula sa araw pagkatapos manganak upang mapanatili ang iyong pisikal na kalusugan. Ang suweldo habang hindi pa nagtatrabaho ay depende sa mga patakaran ng kumpanya, ngunit kung walang suweldo, magbabayad ng maternity allowance (mga 60% ng halaga ng

sahod) ang health insurance.

- Kung nanaisin, maaari mong suspindiin ang teknikal intern training, pansamantalang bumalik sa iyong sariling bansa upang manganak, at pagkatapos ay ipagpatuloy ang training pagkatapos manganak. Makipag-usap sa nangangasiwang organisasyon o sa kumpanya.
- Kung matutugunan mo ang mga kondisyon, maaari mo ring gamitin ang childcare leave system. Mayroon ding lump-sum childbirth system at mga benepisyo sa pangangalaga ng bata sa ilalim ng health insurance.

Q Saan kukunsulta?

Kapag nalaman mong buntis ka, kumunsulta muna sa isang taong malapit sa iyo, tulad ng kumpanya o nangangasiwang organisasyon. Kinakailangang i-coordinate ang pagpapatuloy ng teknikal intern training, pansamantalang pagbabalik sa sariling bansa, mga pamamaraan na may kaugnayan sa pagbubuntis at panganganak, mga pagbisita sa ospital, at ang resident status ng bata kapag naipanganak na.



Ang Organisasyon para sa Teknikal Intern Training (OTIT) ay mayroon ding consultation desk.

Tel : 0120-250-197

Martes • Huwebes (11:00 - 19:00)

Sabado (9:00 - 17:00)

Ang online consultation form ay 24 oras

<https://www.support.otit.go.jp/soudan/phi/>



Kung nalaman mong buntis ka, huwag mag-alala mag-isa, makipag-usap sa iyong partner, pamilya, kumpanya, nangangasiwang organisasyon, sa OTIT, o sa pampublikong konsultasyon sa lalong madaling panahon. Malaki ang epekto ng pagbubuntis at panganganak sa iyong kinabukasan, kaya kailangan mong magkaroon ng kamalayan at kumilos nang responsable

<Reference>

Ang Technical Intern Trainee Handbook ay naglalaman din ng impormasyon tungkol sa pagbubuntis at panganganak. Bilang karagdagan, ang "Life and Work Guidebook" na naka-post sa Life Support Portal Site ng Immigration Services Agency para sa mga Dayuhang Residente ay hindi lamang nagbibigay ng gabay sa panganganak at pagpapalaki ng anak, ngunit gabay din sa iba't ibang aspeto ng buhay sa Japan sa "simple Japanese" at labingtatlong wikang banyaga.

Bilang karagdagan, may mga consultation desk din para sa mga dayuhan sa mga prefecture at munisipyo.



Panahon ng tag-ulan "Tsuyu"

~ Paano gumugol ng oras at mga puntong dapat tandaan~



Sa Japan, maliban sa Hokkaido at ilang bahagi sa rehiyon ng Tohoku, ang tag-ulan ay mula sa huli ng Mayo hanggang sa unang bahagi o kalagitnaan ng Hulyo. Ang tag-ulan na ito ay tinatawag na "Tsuyu", at patuloy ang maulap at maulan na araw. Ang harap ng tag-ulan o bai-u front, na nagdadala ng "Tsuyu", ay umuusad mula sa timog hanggang sa hilaga ng kapuluan ng Japan araw-araw, at ang Japan Meteorological Agency ay nag-aanunsyo ng mga petsa ng simula at pagtatapos ng tag-ulan. Sa panahon na ito na maraming ulan, tila marami rin ang mga taong nagbibigay pansin sa weather forecast kaysa sa pangkaraniwang araw. Nagiiba-iba ang temperatura depende sa araw, at may mga araw na medyo malamig, habang ang ibang araw naman ay mahalumigmig kaya nagpapatuloy ang mga araw na mahirap pangasiwaan ang pisikal na kondisyon. Kapag hindi mo maiayos ang

temperatura ng iyong katawan, maaari kang magkasakit. Huwag mag-alala tungkol dito at bigyan ng atensyon ang pananamit, matulog ng maayos at kumain ng may sapat na nutrisyon upang mapanatili ang iyong pisikal na lakas. Ito rin ay isang panahon kung saan ang pagkalason sa pagkain ay mas malamang na mangyari dahil sa pagdami ng mga amag at fungi. Bigyang-pansin ang pangangasiwa ng mga sangkap sa pagkain at sikaping maging mas malinis pa kaysa sa karaniwang araw.

Sa kabilang banda, ang ulan na bumubuhos ng malakas tuwing tag-ulan ay iniimbak sa mga dam at nagiging tubig na mainom natin sa kalagitnaan ng tag-araw kapag nagpapatuloy ang tagtuyot. Bilang karagdagan, ang nakaimbak na ulan ay nagsisilbing mahalagang papel bilang tubig pang-agrikultura na ginagamit para sa pagtanim ng palay, at ito rin ay tinatawag na "ulan ng biyaya" na kailangan para sa pamumuhay ng mga Hapon.

Madaling ma-depress kapag patuloy ang pag-ulan, ngunit may mga paraan upang ma-enjoy ang ibang bagay sa panahon ng tag-ulan. Ang hydrangea ay isang bulaklak na namumulaklak lamang sa tag-ulan, at maraming sikat na hydrangea spot sa Japan. Ang mga purple at pink na bulaklak at berdeng dahon ay nagiging mas matingkad kapag nabasa sila sa ulan, kaya inirerekomenda na kumuha ng mga larawan ng hydrangea sa tag-ulan. Mahirap marahil para sa mga teknikal intern trainee na hindi sanay sa klima ng Japan, ngunit gumamit tayo ng iba't ibang paraan upang malampasan natin ang "panahon ng tag-ulan".

Kokugo no mori

Ito ay isang materyal sa pagtuturo para sa pag-aaral at kung paano gamitin ang mga salitang Hapon at kanji. Magsaya habang nag-iisip ng mga sagot. (nasa sumusunod na pahina ang mga sagot)

Teknikal intern trainee - Larawan ng buwang ito



Nagtungo sa Mt.Fuji sa unang pagkakataon ang mga teknikal intern trainee mula sa Pilipinas. Humanga sila sa malinis na spring water sa Oshino Hakkai sa Yamanashi Prefecture! Natupad na ang isa sa mga pangarap na makapunta sa isang magandang lugar sa Japan, at napakaganda ang ngiti sa kanilang mukha.

※Na-ipost noong Hulyo 2022

(日本メカニック株式会社)

Pumili kami ng isang larawan mula sa "Technical Intern Training Days" na nai-post sa website ng JITCO ng mga organisasyon na tumatanggap ng mga trainee. Tingnan dito ang pahina ng "Technical Intern Training Days" at mga kinakailangan sa aplikasyon.

(<https://www.jitco.or.jp/ja/days/>)



Impormasyon sa 31st Technical Intern Trainee / Trainee Japanese Essay Contest

Magsisimulang tumanggap ng mga aplikasyon ang JITCO para sa Japanese Essay Contest mula ika-3 ng Abril (Lunes). Para sa detalyadong impormasyon sa aplikasyon ng contest, mangyaring tingnan ang website ng JITCO (<https://www.jitco.or.jp/>) Ang notis ay ipo-post sa "JITCO Japanese Teaching Materials Hiroba". (<https://hiroba.jitco.or.jp/>) Hihintayin namin ang inyong aplikasyon!



Ipaalam sa amin kung anong mga paksa ang gusto mong ilagay namin sa "Kaibigan ng mga Teknikal Intern Trainees"!!

Mangyaring gamitin ang form sa kanan upang ipadala sa amin ang iyong mga opinyon at impresyon tungkol sa leaflet na "Kaibigan ng Teknikal Intern Trainees", mga paksang gusto mong sakupin namin, at mga paksang interesado ka.



Ang 「あ」 ay ginagamit kapag may bigla kang napapansin o naaalala, at kapag gumaan ang loob o nasisiyahan, ang 「ああ」 ay sinusundan ng "Buti na lang o Ganun ba?". Kapag nagulat ka o biglang may naisip na ideya, hindi mo maiwasang magsabi ng 「あっ」. Hindi tulad ng mga titik, ang tunog ng mga boses ay magkakaiba sa pitch at tono. Mag-iiba ang tono ng boses mo kapag sinabi mong, 「ああ、いい気持ち」 at kapag sinabi mong, 「ああ、困った」 Mga salitang nakikita ng iyong mga mata at mga salitang naririnig mo sa iyong mga tainga. Lumilitaw ang mga damdamin kahit sa kaswal na 「あ」.

技能実習生・研修生向け母国語情報誌

技能実習生の友

2023年4月 春季号

2023年4月1日発行

発行

電話

JITCO ホームページ

公益財団法人 国際人材協力機構 (JITCO)

総務部広報室

〒108-0023

東京都港区芝浦2-11-5

五十嵐ビルディング

03-4306-1166 (ダイヤルイン)

<https://www.jitco.or.jp/>